# 1

Billie was running late, which was bad dahil isa iyon sa mga ipinangako niya sa sarili na di na muling mangyayari sa bagong trabaho. Ang kanyang pagiging late riser ang naging dahilan ng sandamukal na memo na tinanggap niya sa dating opisinang pinapasukan. Kaninang umaga lang ay kinailangan pang kalampagin siya ng ina para magising.

"Bellissima! Kanina pa alarm nang alarm 'yang cellphone mo. Nagising na pati kapitbahay natin, ikaw na lang ang hindi. Nakuu!" sermon nito na tuluyang nakapagpabangon sa kanya mula sa komportableng higaan.

"Adik kasi sa *Plants*," komento ni Lucille, anang kapatid na pababa na ng hagdan. Bihis na bihis na ito, nakauniporme. Nurse ito sa *Medical City*.

Ang computer game na *Plants vs. Zombies* ang tinutukoy nito. Sa tinagal-tagal ng kasikatan ng larong iyon, noong isang linggo lang niya na-discover ang charm ng game. Honeymoon stage kumbaga.

"Sabi ko sa 'yo gisingin mo ako, eh," hihikab-hikab na sumbat niya habang tinutungo ang banyo.

"Sabi ko rin sa 'yo kagabi, Ate, matulog ka na. Hindi mo mare-reach 'yung 500 flags kahit maupos ang mga daliri mo kakapindot, kase hoax 'yun. Photoshopped na 'yung screen cap kuno. Nagpapaniwala ka kasi sa mga nakikita mo sa *Google*."

"Hindi kaya, kayang-kaya 'yun. Kailangan ko lang matutunan ang tamang formation," pagtatanggol niya sa addiction.

Mula kasi nang mag-resign siya sa law firm, nasanay siyang hindi kailangang magising nang maaga. Kumbaga ay nag-a-adjust pa ang kanyang body clock sa bagong routine.

---

*"You know, Billie, you are a valuable asset to the office; you're smart and efficient but you're of no use to us when you're not here. Alam mo na sa nature ng trabaho natin, importante ang bawat minuto dahil doon tayo kumikita."*

Iyon ang last sermon sa kanya ng junior partner sa law firm na dating pinapasukan, at iyon din ang naalala ni Billie habang naliligo nang paspasan. To be fair, tama talaga ang dati niyang amo kahit medyo banlag iyon at napapanot na sa edad na treinta y siete. Malaking atraso ang mga katulad niyang paralegal

na madalas late at absent sa trabaho.

She was a third year law student who was augmenting her meager allowance by working for other attorneys. Kaya nang mag-resign siya sa law firm, she made it a point na maghanap ng isang working environment na less ang pressure. Sa tingin niya, ang isang contracting company na kinabibilangan ng mga architects at engineers ay mas lax kaysa sa mga abogado. Sa pananaw niya ay ganoon ang personalidad ng mga artists. Carefree at creative, hindi masyadong bound sa mga rigid rules. Katuwiran niya, baka mas madaling diskartehan ang disenyo ng bahay kaysa kung paano ililigtas ang isang mamamatay-tao mula sa kulungan.

Isa pa, kailangan niya talaga ng lubos na pang-unawa. Minsan kasi, she needed to take a leave kapag malapit na ang exams. Hindi nakukuha sa isang oras na pasadahan lang ang pagrerepaso para sa pagsusulit. Kailangan niya ang araw-araw na matimtimang pagbabasa—isang buong araw sa isang subject ang inilalaan niya kapag midterms at finals. Bagay na ikinadismaya ng dati niyang amo sa *Justo, Gutierrez & Associates*.

May mga oras nga na sinasadya niyang i-off ang cell phone upang hindi siya ma-contact ng mga ito.

Kahit kasi naka-leave siya, kapag may kailangan ang mga ito ay basta-basta na lang siyang tatawagan at papupuntahin sa opisina, o pasusugurin sa kung saan-saang korte, munisipyo o tanggapan para kumuha o magsumite ng kung anu-anong papeles. She liked the training but the hours were not compatible with her schedule as a student. It was counter-productive.

Kaya laking tuwa niya nang makita ang wanted ads na pinalalabas sa *Scenes and Sensibilities, Ltd.*—a fledgling builders' company na itinatag ng mga batang arkitekto, interior decorators, at engineers. She applied for the post and was accepted as assistant to all of the architects. Hindi na siya nagdalawang-isip. They couldn't need a lot, could they? Nagdu-drawing lang naman ang mga ito. They'd probably just need her to get coffee. She didn't mind getting people coffee at all.

She was determined to make a good impression, but with the way it's going, mukhang late na naman siya, and on her first day pa!

Pagkaligo ay ni hindi na niya pinansin ang pagkaing nakahain sa mesa. Pinakamahahabang meal sa bahay nila ang breakfast, dahil iba-iba ang oras ng pasok ng mga tao. Ang Mama Au niya na nag-a-attend ng morning vespers ay naghahanda na ng

pagkain alas cinco pa lang ng umaga. Pagkauwi nito ay magluluto na para sa mga may pasok ng alas ocho, hanggang sa mga late magising kagaya ni Billie. Alas onse na naiimis ang mga breakfast things nila, para bigyang-daan ang tanghalian.

Habang naglalagay ng face powder ay kung anu-anong nakabalot na pagkain ang isinusuksok ng kanyang Mama Au, ang kapatid ng ina, sa backpack niya.

"Mama Au, baka may danggit na naman 'yan, mangangamoy ang bag ko," aniya habang isinusuot ang sapatos.

"Prutas lang at sandwich 'yan. Magising ka kasi nang maaga nang nakakakain ka nang matinong breakfast!" sagot nito. Ang baon naman ng asawa nitong si Uncle Kit ang sunod nitong inasikaso.

Nang makapagpaalam sa lahat at makahingi ng baon sa mama niya ay lumipad na patungong trabaho si Billie. Lakad-takbo ang ginawa niya pagkababa ng bus, at muntik pa siyang madapa sa construction paraphernalia na nasa sidewalk.

"Late na si Ma'am," komento ng isa sa mga trabahador.

"Ingat ka, Ma'am, sayang naman ang ganda mo!"

hirit ng isa pa.

"Yeah, okay, salamat po, Kuya!" game na sagot niya, hindi lumilingon, bagkus ay lalong binilisan ang pagtakbo. It was already five past nine and she was supposed to be in at nine am.

Sa wakas ay narating niya ang building na inookupa ng *Scenes and Sensibilities*. It was a four-storey building along Ortigas Avenue, a couple of blocks away from *Greenhills Shopping Center*.

Ang unang palapag ay isang bangko, while the second one is a tutorial/review center. Okupado ng *SAS* ang huling dalawang palapag. Nagsisilbing showroom, visitors' lounge, at storage space ang third floor samantalang opisina at working area ang buong fourth floor. Bagong lipat lang ang *SAS* sa naturang gusali kung kaya amoy-pintura at varnish pa ang buong paligid. Dahil mababang building lang naman, walang elevators. Araw-araw niyang aakyatin ang tatlong flights ng stairs para makapunta sa opisina.

Billie shrugged. She figured she could use the exercise, baka sakaling malaglag ang bilbil niya sa araw-araw na akyat-baba sa mga hagdan.

Billie was breathless when she reached the office. Laking pasasalamat niya nang isang architect lang

ang sumalubong sa kanya nang papasukin siya ng receptionist sa third floor. Arvin Ong was a Chinoy na mid thirties ang edad, at mukha itong mabait. Kinamayan siya nito.

"Okay ba ang hagdanan?" anito nang mapansing nagpupunas siya ng noo gamit ang lukot na tissue habang hinihintay nila ang IDs at system IDs na inihanda ng receptionist.

"Medyo mataas po ang inakyat ko, pasensya na po," aniya sa arkitekto.

Ngumiti lang ang lalaki at itinuro ang sariling tiyan. "Sabi ng misis ko, magandang ideya daw ang hindi paglalagay ng elevator dito, eh," anito.

Tinawanan niya ang biro nito. Nang makuha na nila ang mga kailangan, iginiya na siya ni Arvin sa fourth floor, kung saan siya magtatrabaho talaga. Nagpaliwanag pa ito habang umaakyat sila.

"Nasa field si Architect Aries. Siya 'yung nag-interview sa 'yo last week nang mag-apply ka, di ba?"

Tumango siya.

"Madalas talaga nasa labas siya pati na din ang chief architect natin, who's in Kota Kinabalu for the past week attending a Southeast Asian Architectural

conference. Nag-submit kasi tayo ng design concept sa theme nila this year, at siya ang magpi-present. Either ngayon o bukas siya papasok, I'm not sure. You will be our angel, 'yung filing, 'yung pag-aasikaso ng paperwork, leg work, ikaw ang mapapakiusapan namin, kasama na din doon si Architect Aries. Chief has his own secretary, si Alma." May itinuro si Arvin na babaeng nakaharap sa photocopier sa di kalayuan.

Umaga pero mukhang bising-busy na ang kapaligiran. Walang naglo-loiter habang nagkakape o kumukuha ng tubig o nag-aayos ng mukha. Tatlo lamang ang babaeng nadatnan niya sa baba. Sa gitna ay ang pahabang conference table at mga lamesa. Sa far end ay tatlong cubicles.

"Si Alma na ang bahalang magturo sa 'yo sa pasikot-sikot ng trabaho mo."

As if on cue, lumapit si Alma sa kanilang dalawa, bearing a folder. Nakangiti ang babae kay Billie. "Ikaw si Bellissima Yangco, di ba?" tanong agad nito.

"Billie na lang," sagot niya. Sa bahay lang siya tinatawag sa buong first name, at pag nang-iinis lang ang kanyang mga kapatid o galit ang kanyang ina at tiyahin.

"Okay, sige, iwan na kita kay Alma. I'm sure you'll

be in good hands. Darating daw ba si Chief ngayon?" baling nito kay Alma as an afterthought.

"Hindi naman nagsabi, malamang magha-half day 'yun o sorpresahin tayo at biglang dumating," ani Alma. "Bakit Sir Arv?"

"'Yung pinag-usapan kasi namin ni Aries, eh, kailangan na ng decision niya. Iha-handle ko na 'yung panibagong project. Bahala na sila sa isa. Iwan ko na kayo, ha? Welcome to *Scenes and Sensibilities*, Billie."

"Thank you, Sir," aniya. Iyon lang at iniwan na sila ng lalaki.

"Tara, ituturo ko sa 'yo ang desk mo. Magkatabi tayo," sabi ni Alma. Magkabilaan sila ng cubicles. Mas maliit iyon sa dati niyang space sa law firm but Billie liked the airy atmosphere. Dahil sa pagkakadisenyo ng light materials at malalaking glass windows, nagmukhang maluwang at maaliwalas ang kanilang working area.

---

"So, working student ka pala?" usisa ni Alma matapos ituro ang filing system kay Billie.

They were taking a short coffee break dahil mag-a-alas diez na noon. Sabay-sabay ang lunch break ng

support staff, which was at twelve noon.

"Oo," sagot ni Billie with a smile. Ang alam niya ay bagong kasal lang si Alma, walang anak. Matangkad at payat ang babae, rebonded ang buhok at mahilig sa usong pananamit. May kaitiman ito pero may hitsura. Nadadala na rin siguro sa confidence at makabagong pananamit.

"Hmm, may boyfriend ka na?" tanong pa nito.

A question Billie always resented being asked but one she couldn't seem to avoid dahil halos lahat ng tao sa mundo ay iyon ang itinatanong sa isang bagong kakilala.

"No, nope," maikli niyang sagot.

"Why not? May hitsura ka," usyoso pa ni Alma. Kahit parang tsismosa at pakialamera ay mukhang genuine ang babae.

Na-sense niyang hindi siya nito pinaplastik lang. Taklesa lang yata talaga.

Billie shrugged. "Hindi ko alam, Alma. Siguro busy lang ako sa trabaho at school." Standard niyang sagot iyon sa mga nagtatanong.

Alma surveyed Billie up and down, from her nondescript white button down blouse at itim na

pencil cut skirt, black pumps at pony-tailed hair. Face powder at blush on at pale lipstick ang tanging makeup na kanina pa nag-fade, fake pearl earrings, *Anne Klein* wristwatch ang tanging accessories niya sa katawan.

"Oo nga, girl, mukhang sa ka-busy-han mo sa pag-aaral wala ka nang time mag-ayos-ayos," komento nito. "Ganyan yata kapag naglu-law, ano? Alam mo, 'yung wife ng pinsan ng asawa ko, pumanget nga habang nagba-BAR. Pero while you're here, isasama na kita sa spa na pinupuntahan ko. Magpa-rebond ka, or magpakulay, 'tapos mag-shopping na din tayo ng mga damit diyan sa Greenhills. Mura lang."

Napangiwi siya. "Rebond? Tuwid na tuwid na ang buhok ko," aniya, sabay hawak sa buhok. Ganoon ba siya kapangit sa paningin ni Alma? Baka ang pagtatanong nito kung may boyfriend niya ay pasakalye lang para masabi nitong mukha siyang yagit?

"Di highlights," patuloy nito. "Magpa-pretty ka. Mga bata pa ang mga arkitekto at engineers dito. Malay mo, dito ka magka-boyfriend. Nagka-boyfriend ka na ba ever?"

*The woman is crazy*, naisip niya pero ngumiti lang. "Hindi naman ako nagtrabaho dito para magka-

boyfriend," aniya to shut the woman up.

Pinalo siya nito sa balikat. "Sus, sinasabi mo lang 'yan. Lahat tayong mga babae, nagtatrabaho para magka-boyfriend, at eventually, magkaasawa, kung hindi natin nahanap ang mga hinayupak sa mga eskwelahang pinasukan natin. Di ba, Alice?" tawag pa nito sa isang administrative assistant sa di kalayuan.

Tumawa lang ang pinagpatungkulan.

"Alma, it's not even lunchtime yet and you're giving the new girl philosophical discussions on man hunting? Billie, right?" anang isang boses sa likod nila.

When Billie turned, there stood a man with a folder in his hand, smiling at her. The man was not very tall, perhaps five ten, but he looked grand because of the way he held himself. He wore a turquoise shirt, charcoal gray slacks at balat na sapatos. He was wearing no other accessory but a *Tag Heuer* dress watch. The faint scent of *Davidoff Coolwater* drifted over to where Billie stood.

Guwapo ang lalaki, mamula-mula ang pisngi at makapal ang pilik-mata na kaiinggitan ng mga babae. Mestizo, dahil matangos ang ilong, pero may pagka-Oriental ang mga mata nito, kumbaga ay slanted,

kagaya ng mga mata ng mga exotic European models sa high fashion magazines. His smile looked friendly and open, waring nag-aanyayang ngumiti rin ng ganoon kalapad ang sinumang makakakita nito.

Billie couldn't help smiling back.

"Sir!" waring gulat na bati ni Alma sa lalaki. "Good morning, Sir. Billie, ito ang boss ko, si Sir Vito Caballero, Chief Architect, he owns half of *SAS,*" pagpapakilala nito. Bigla itong pumormal, napansin ni Billie.

"Good morning, Sir," ani Billie.

"How are you?" Kinamayan siya nito. His hand felt warm and his grip was pleasantly firm. "Si Kuya Aries ang nag-interview sa 'yo last week, di ba? I was away then. Just got back today. 'Alma treating you okay?"

"Si Sir, siyempre naman," sabad ni Alma. "May pasalubong ba naman ako niyan?" biro pa nito.

"Ay, oo nga pala. Nasa kotse, mamaya kunin ko. Anyway, here are the Solomon files, pakiasikaso na lang. One or two building permits need to be requested, so bahala ka nang mag-procure ng necessary signatures from the Solomons, okay? Their contact numbers are on the file." Bumaling itong muli

kay Billie. "If you have any questions, don't hesitate to ask Alma here, she'll give you more information than you ever wanna know. See you guys later." With a last smile at Billie, Vito left.

Nasa alcove ang opisina nito. Billie watched as the man ascended the stairs.

"O, 'yun ang isang example ng mga sinasabi ko." Dinutdot ni Alma ang tagiliran niya kung kaya napaigtad siya. "Di ba, guwapo?"

Billie agreed, but kept quiet. Mahirap nang maintriga sa unang araw pa lang ng pasok. At malamang naman na ang mga nilalang na gaya ni Vito Caballero ay imposibleng walang girlfriend!

# 2

"Kumusta ang bago mong pinapasukan?"

"Okay naman po, Mama Au," sagot ni Billie. Nagtatakal sila ng asukal na paninda ng kanyang Mama Olive sa grocery store nila sa harap ng bahay. "Mabait ang mga tao. Masaya at magaan ang trabaho."

Mama Au was Billie's mother's elder and only sister na late na nag-asawa—sa edad na forty-five. She had lived with them ever since Billie's grandmother died in the old ancestral house in a quiet street in San Juan. By the time na nagkaigihan na ito ng kanyang Uncle Kit, ayaw na nitong bumukod dahil napamahal na ito nang husto sa kanilang magkakapatid at ayaw silang iwan. Ito ang nag-alaga sa kanila mula pagkabata.

Maagang nag-asawa ang mama ni Billie, twenty-one. Nang ipanganak siya ay twenty-two lamang ito. Si Mama Au ay thirty na noon. Sunod-sunod ding dumating ang mga kapatid niya—si Lucille ay twenty-three na ngayon, si Cielo ay nasa ikatlong taon ng kolehiyo sa *UST* sa kursong BS Zoology at ang bunsong si Nico ay fourth year high school.

Nang ikasal si Mama Au at si Uncle Kit, doon na ang mga ito tumira sa dating outhouse sa likod ng bahay, pina-convert iyon sa isang one-bedroom bungalow. Madalas naman kasi ay sa main house naglalagi ang mag-asawa. Beteranong collection officer sa *San Miguel* si Uncle Kit, mabait ito at palabiro at ito na rin ang tumayong ama nilang lahat, lalo na kay Nico na walong taong gulang pa lamang nang pumanaw ang papa nila.

Mama Au was still attractive at her present age of fifty-five. Palibhasa ay matagal itong single, napagtuunan nito ng pansin ang sarili. Hindi rin kasi sila naghihikahos bagaman hindi rin masasabing mayaman. Masuwerte sila dahil masisipag at masinop ang kanilang lolo at lola noong araw. Ang kinaroroonan ng kanilang grocery store ay dating bodega at tulugan ng driver at boy ng kanilang lolo noong malakas pa ang negosyo nitong buy and sell ng metal scraps at car parts. Natigil lamang iyon nang pumanaw ito at wala namang interes ang kanyang lola na ipagpatuloy ang naturang negosyo. Ang kinita nito sa negosyo ay naitabi sa bangko at naipamana sa dalawang magkakapatid na sina Aurora at Olive.

Ginamit ng kanyang mama ang share nito upang gawing maliit na grocery store ang dating bodega sa harap. Nagba-buy and sell din ito ng palay at bigas

mula sa Bulacan kung kaya madalas wala ito sa bahay kahit noong palaki pa lamang sila. Ang naipundar na mga palayan at fish farms ng kanilang lolo at lola ay inaasikaso rin ng mag-asawang Au at Kit at regular ang kitang iniaakyat niyon sa household nila.

They were not rich but never wanted for anything, kahit noong mamatay ang kanilang papa dulot ng cirrhosis o sakit sa atay. Malakas uminom, manigarilyo at mambabae ang kanilang yumaong ama. Nagpasalamat pa ang kanilang Mama Au nang ilibing nila ito. Even her Mama Olive seemed happier and younger afterwards.

"Mabuti't nang di ka na palipat-lipat ng trabaho. Nakakatatlong lipat ka na sa loob lang ng dalawang taon, Bellissima."

Nangiwi siya sa paggamit nito ng kanyang Christian name. "Mama Au, di ko po kasalanan kung bakit palipat-lipat ako, eh. Hindi naman masama ang record ko," pagtatanggol niya sa sarili.

Tinapunan siya nito ng mapanuring tingin habang isinasalang sa weighing scale ang sinukat na asukal sa plastic. "Kaya ka nag-resign noon sa una mong trabaho dahil kay Alfon. D'un sa pangalawa, kasi lagi kang late at uma-absent. Dapat dito sa pangatlo mong trabaho, tiisin mo na o huwag ka na

lang pumasok dahil kayang-kaya ka naman naming pag-aralin."

"Mama Au, alam ko po iyon. Pero mas maigi po kasi sa akin ang nagtatrabaho habang nag-aaral kasi mas sinisipag akong mag-aral dahil budgeted ang oras ko. Kapag po kasi full-time ako masyado akong relaxed. At nakakahiya na po kay mama na hanggang ngayon, pinag-aaral niya pa rin ako. Isa pa, kailangan nating mag-ipon para sa pagme-Medicine ni Cielo," paliwanag niya.

"Aba eh, maano? Kung magkakaroon din naman tayo ng abogado sa pamilya, ano na lang ba ang apat na taon? Pinagbigyan ka lang namin noon sa kagustuhan mong magtrabaho habang nag-aaral, dahil naisip din namin na makabubuti para sa 'yo ang malibang para makalimutan mo si Alfon."

Billie ignored the second reference to her ex-boyfriend and resolutely kept quiet. He was a lawyer in the brokerage firm where she spent her OJT noong college siya. Doon na rin siya natuloy magtrabaho pagka-graduate. Alfon was her first boyfriend and their relationship went on for three years. He turned out to be a jerk. Tinu-time siya nito, likas ngang sinungaling ang hudas, hindi lang dahil abogado ito.

They broke up two years ago. Hanggang ngayon

ay galit pa rin ang Mama Au niya sa lalaki. Billie had been single ever since.

"Ako, hindi ko kayo pinipigilan na mag-boyfriend, ha. Itutulak ko pa kayo basta't masaya kayo. Basta kailangan pumili kayo nang mabuti. At kailangan makilala namin ng Mama Olive at Uncle Kit n'yo. Papuntahin mo dito sa bahay, hindi iyong basta mo na lang ipapakilala dito, eh, matagal mo na palang nobyo. Maraming nagkalat na manloloko ngayon, Bellissima. Tandaan mo 'yan," patuloy nitong sermon.

Tinanggap lang niya iyon at ipinagpatuloy ang pagtatakal ng asukal. Kapag kasi sinagot niya pa ito, lalo lang hahaba ang diskusyon at ayaw niyang balik-balikan ang topic na iyon. Hindi pa rin naaalis ang angst ni Mama Au sa kinahantungan ng unang experience ni Billie sa pakikipagrelasyon. Siguro kasi ay siya ang pinakapaborito nito sa kanilang magkakapatid.

Sumusugod ito noon sa school kapag nababalitaang may nang-aapi sa kanya. Wala itong sinasanto, maski teachers at principal. Kapag sa palagay nito ay masyadong mababa ang grado na nakuha niya dahil karibal niya sa klase ang anak ng teacher, hindi ito tumitigil kesehodang magkalabasan ng mga test papers at recitation grades. Kaya hindi

na siya nagtataka sa pagmamalasakit nito sa kanya, maging ang paulit-ulit nitong litany tungkol kay Alfon at sa lahat ng mga 'manlolokong' lalaki sa mundo. Hinahayaan na lamang niya ito.

Naputol ang kanyang train of thought nang kumatok sa backdoor ng tindahan ang dalagang si Cielo. "Mama Au, Ate Billie, luto na po 'yung kropek at banana cue," anunsyo nito while nibbling on a fried banana in a fork. Hindi pa man nakakahuma ang tiyahin ay nakatayo na si Billie, papasok ng bahay.

---

Kinabukasan, Lunes, makulimlim ang araw. Muntik muling mahuli ng bangon si Billie dahil masarap mamaluktot pag ganoon ang weather. Ginising siya ng ingay nina Cielo at Nico, na nagbabangayan sa labas ng kanyang pinto. Nag-aargumento na naman ang mga ito kung sino ang magdadala ng laptop sa school. Hindi na pinagbigyan ng kanyang mama ang kapritso ni Cielo na bumili ng bagong *Macbook* dahil may desktop PC din sila sa bahay.

"Billie, magdala ka ng payong! Mukhang babagyo!" Hinabol siya ng kanyang Mama Olive nang lumabas siya ng gate wearing only a cardigan over a cream polo shirt.

"Ma, makakalimutan ko lang po iyan. Alam n'yo na ayokong nagdadala ng payong," aniya. "Malapit lang naman ang babaan ng bus sa office, eh. At hindi pa uulan."

"Ang tigas ng ulo mong bata ka, ang dali-dali mo pa namang dapuan ng sipon." Pilit sinusuksok ng kanyang ina ang payong sa loob ng backpack.

"Ma, ayoko nga po magpayong. Iiwan ko lang 'yan sa bus, eh. Bumalik na kayo d'un o, may bumibili!"

Atubili man ay bumalik na rin ang ginang sa loob ng tindahan, shouting orders for Billie to take vitamin C. Pero nagsisi si Billie nang hapon na iyon. Umaambon-ambon nang bumaba siya ng building bandang alas cuatro para mag-abang ng bus papuntang school. Five thirty ang una niyang klase. Isang bloke ang lalakarin niya papunta sa bus stop.

"Hay, weather, bakit di ka nakikisama sa akin kahit kelan?" bulong niya sa sarili habang nakatingala sa langit. Kahit hindi full-pledged rain, mababasa pa rin siya nang husto kapag sinubukan niyang maglakad sa ilalim niyon nang walang payong. Pumuwesto siya sa gilid, sa ilalim ng awning ng bangko na nasa ground floor ng building. Si Kuyang Guard na kabatian na niya ay nakayupyop sa puwesto nito, mukhang tulog na tulog. Nasulyapan niya

ang sariling reflection sa tinted glass ng kotseng nakaparada sa lote. Nangingintab ang noo at pisngi niya at wala nang kakulay-kulay ang lips niya. Dahil sa pagmamadali, hindi na niya nakuhang mag-ayos ng sarili bago mag-log out sa trabaho. Lagi pa namang nakapustura ang mga kaklase niya at ayaw niyang magmukhang kawawa sa tabi ng mga ito.

Billie rummaged around in her bag for the water-free facial cleanser na laging dala. Ipinatong niya ang dalawang mabibigat ng textbooks sa hood ng gray na *Honda Civic* na nakaparada sa tapat ng bangko. She uncapped the bottle and poured some on her palm. Maingat niyang ikinuskos iyon sa mukha sa pamamagitan ng wet wipes na hinagilap din niya nang mga ilang minuto sa loob ng malaking bag. Ibabalik na sana niya sa loob ng bag ang bote ng cleanser upang i-apply ang lipstick pero hindi niya mahagilap ang cap ng bote. Saan niya ba nilapag iyon kanina? She was looking at the car hood na pinagpatungan niya ng libro nang may narinig siyang nalaglag. Sumabit pala sa rim ng bag ang takip! It rolled on the pavement and she tried to snatch it up but her bag was too cumbersome kaya ibinaba niya iyon sa lupa. By that time, the infernal bottle cap had rolled under a red *Ford 150* na nakaparada sa tabi ng *Honda Civic*.

“Drat,” anas niya, inis na inis. Umaambon pa rin noon. She couldn’t put the bottle back on her bag uncapped dahil tiyak na magkakalat iyon sa loob and she couldn’t bear to throw it away dahil bagong bili pa lang iyon at halos wala pang bawas. She went down on her knees and tried to reach under the car. Tiningnan niya uli ang cap sa ilalim. Mas malayo iyon kaysa sa inaasahan niya.

*Buti na lang matangkad ’tong monster car na ’to. Kasya ako sa ilalim*, naisip niya.

So she put her head under the car and groped for the cap.

---

Vito Caballero noticed that Lisardo, the guard stationed in front of the bank was dozing off again. Ilang beses na niyang nahuli iyong natutulog while on duty. Gugulatin sana niya ito nang mapansin niya ang kanyang sasakyan. There was a cute butt poking out from under it with matching pa-wiggle wiggle pa. Hindi niya alam kung sino iyon; all he could see was shapely little bottom encased in a black skirt, the lower back of a woman who was apparently trying to reach something under his car. Pero nang masulyapan ang mga gamit na nagkalat sa paligid nito, ay nakilala niya iyon bilang si Billie, ang bagong administrative

assistant na isang linggo pa lang sa kanila.

Isang kapilyuhan ang naisip ni Vito. He punched a code on his remote control and suddenly, the wails of an alarm siren erupted from within the *F150*. Sabay na napabalikwas ang guwardiya at ang babaeng nakaluhod sa lupa.

"Ouch!" Billie yelped in pain and surprise. Her spine connected with the underside of the *F150*. Gingerly, she edged out from under the car, back aching and startled out of her wits. Nagulat siya nang makitang nakamasid sa kanya ang kanilang amo, holding the remote control, trying hard not to laugh.

"I'm sorry, were you hurt? Hindi ko alam na masyado ka palang magugulatin," ani Vito.

Napatingin siya sa hawak nitong remote at sa pilyo nitong mga mata. Sinadya ba nitong patunugin ang alarms ng sasakyan?

"I'm… nahulog kasi 'yung… did you do that on purpose?" she demanded, still rubbing her back, holding the troublesome cap in the other hand.

Vito walked towards her, picking up her bag. "I'm really sorry, hindi ko sinasadya. Sobra ka naman palang magulat. Does it hurt?" anito, kakikitaan na ng kaunting pag-aalala.

Akma pang hahawakan nito ang likod niya pero umiwas siya.

“I’m fine. Bag ko ho.” Kinuha niya ang bag mula rito pati ang bote ng cleanser at ang mga libro sa hood ng katabing kotse.

“Were you trying to freshen up here in the parking lot?” Curious ang expression sa mukha ni Vito. “Maganda ang washroom natin sa taas. Ako ang nag-design n’un.”

Billie winced inside. Now she looked stupid to their boss.

*Great*. “I forgot kasi, Sir, and… male-late na din ako sa class ko.”

“Oh, right.” Vito snapped his fingers. “You go to school. Umuulan, will you be all right going there? May car ka ba?”

Umiling siya. “Wala po, magba-bus po ako. Mauna na po ako.”

“May payong ka ba? Mukhang lalakas pa iyan,” tukoy nito sa ulan. Nakatingala ito sa makulimlim na langit.

“No, hindi ko po kasi ugaling magdala ng payong, eh. Lagi ko po kasing winawala. Ah, er… mauna na po

ako, Sir, sorry po sa car." Humakbang na siya palayo.

She only wanted to get away from the man as soon as possible. He looked impossibly fresh and handsome at four in the afternoon, even under the annoying drizzle. And she must look horrible, washed out, basang sisiw. Nakakahiya ang hitsura niya. And for some reason, the man made her nervous kahit mukha itong mabait at hindi suplado.

"Wait, I feel guilty about making you jump like that. Ihahatid na kita sa school n'yo. Tutal paalis na rin ako," he offered. He was shielding his head with one hand that held the keys, and the other hand was on the handle of his car door. Billie hesitated.

"Sa España ho ako, Boss," aniya.

"Malapit lang pala, come on." He tapped the car door with his hand.

"Di po ba bandang Pasig ang way n'yo?" aniya, atubili pa rin. Ang weird namang magpahatid dito sa school gayong minsan lang sila nagkausap nito sa opisina. Madalas kasi itong nasa field at ang huling beses na nakita niya ito ay noong unang araw niya.

"That's fine, I don't care. Bilis na umuulan na." pagmamadali nito.

Tumalima siya. Nahiya na rin siyang pag-antayin ito sa ilalim ng lumalakas na ngang ambon. She ran to the passenger door na sa pagkagulat niya ay si Vito pa ang nagbukas. Sinara rin nito ang pinto nang makapasok siya. Umikot ito at naupo sa driver's seat.

"How did you know I live in Pasig?" Nakatingin ito sa kanya while inserting the key into the ignition. "Have you been stalking me?"

She stared at him. "Ay hindi po, nabanggit lang po ni Alma..." Tumigil siya dahil mukhang di ito nakikinig sa paliwanag niya.

He was a little damp from the drizzle but still looked immaculate in his gray sweater over a white shirt, soft blue jeans and casual rubber shoes. The clothes fit him in such a natural, manly way na hindi kayang i-project ng isang modelo. Vito somehow exuded an aura that was so real and genuinely manly that he didn't have to make poses or be photographed. Ang sarap nitong pagmasdan, kahit maghapon, naisip ni Billie.

"O, hang on," sabi nito. He leaned backwards in his seat, craning his neck at the space he was backing into. Ang tulog na guard na biglang nagising ay tinulungan silang mailabas ang sasakyan mula sa slot and into the road.

Billie watched Vito maneuver the big hulking car out of the lot and into the main traffic. Sumaludo pa ang antuking guard sa kanila, and Vito rolled the window down and threw something at the man na muntik pang hindi iyon masalo.

"*Gatorade*?" ani Billie, nakalingon sa guwardiya.

"Yep, he needed that." Vito grinned at her while making a U-turn upang makalipat sa kabilang lane. Huminto sila sa isang stoplight along Madison at nagulat siya nang bigla itong dumukwang. Inayos pala ang kanyang seatbelt.

"You're extremely jumpy, Billie," anito, smiling into her face bago umayos ng upo. Kinalikot nito ang stereo system ng sasakyan which was mainly an LCD touchscreen.

Wala siyang maisip na isagot. Humalukipkip na lang siya at tumingin sa harap. Marami na ring motorista sa daan; rush hour na kasi at umuulan pa.

Vito glanced at the girl who was rigidly seated beside him. She looked so disheveled, but in an adorable way. Medyo magulo ang buhok, mukhang hindi nasuklay bago umalis ng opisina, nag-aalpasan na ang ilang hibla mula sa simpleng itim na pantali. Her face was also kind of dewy and devoid of any

trace of makeup. Pero at least wala itong pimple mark, mukhang hindi ito dumaan sa acne stage noong teenager ito, dahil wala siyang napapansing craters sa mukha nito. Her cream blouse was a little crumpled and her skirt askew. Hindi siguro nito napansin, but it was riding up her thighs. Natatakpan lang ng bag at mga libro ang lap nito. Her legs were bare, no stockings. Sabagay, di na nga yata uso ang stockings these days. She had the complexion of dark peanut butter, at mukhang wala itong pores sa katawan. Her skin looked baby soft and dewy na parang ang sarap-sarap pisilin. She looked untidy, but like a kid, who was clean and pure. Nangiti si Vito sa tinatakbo ng kanyang utak. Billie caught his smile and wondered what it meant.

Again, he reached over, this time for her books. "Mukhang mabibigat ito, ilalagay ko lang sa backseat, ha? Baka mamatay ang nerves mo sa legs." Hindi nagprotesta ang babae. "You can put your purse on the floor on your feet. Mukhang mabigat din 'yan."

"Thank you, Sir," tangi nitong sabi, but kept the bag on her lap. Parang takot mabosohan.

Napansin sigurong napapasulyap siya sa hita nito. Her voice was clear, although may pagkamatinis iyon, the quality of a child's voice. Not chipmunky,

or pa-cute, just young.

"Can you not call me 'sir'? After all, di mo ako professor. Vito please," he said.

"Everyone sa office 'Sir' o 'Chief' ang tawag sa inyo, eh," she replied.

Vito frowned at that. Oo nga naman. "Kapag nasa labas tayo, I'm Vito, okay?"

Billie shrugged. "Okay."

Vito found he liked her mannerisms. Her small shrugs, her short answers, her jumpy nervousness, her sudden bursts of spirit. Para itong isang batang mahiyain pero bibo.

"Ano nga pala'ng pinupulot mo sa ilalim ng kotse kanina?" naalala niyang itanong.

"'Yung takip ng cleanser ko. Nahulog po kasi," sagot nito.

"Delikado 'yung ginawa mo. May mga kotseng hindi naka-handbreak kahit nakaparada minsan, baka magulungan ka," paalala niya. "At nakapalda ka pa, dapat hindi ka basta tutuwad-tuwad doon. Mabobosohan ka ng mga construction workers sa tapat. Pati ni Officer Lisardo."

For the first time that afternoon, she smiled. "Tulog naman 'yun lagi."

Vito laughed.

"Sir?" mayamaya ay untag nito. Napatingin siya rito. "Vito pala. Puwede po bang magsuklay dito? Kasi, pagdating ko po ng school, sakto lang sa klase di na ako makakadaan sa washroom."

"Of course. Di mo kailangang magpaalam," amused na tugon niya. Luminga-linga pa siya sa loob ng sasakyan. "But I don't see a sticker saying 'God Knows Hudas Not Comb Her Hair'".

Billie laughed at his joke, kahit corny. She fished out a hairbrush from her bag and started combing her hair. "May kakilala kasi ako. He used to pick up the hair strands sa floor kapag nagsusuklay ako sa loob ng car. And bawal daw mag-ayos ang girls in public pero, nasa loob naman ako ng car, eh. I promise not to make a mess."

"Wala bang pambili ng car vacuum ang guy na 'yun?" ani Vito.

Napatingin si Billie sa amo habang nagsusuklay. She smiled and shrugged. "Masyado lang maingat sa mga gamit."

“Boyfriend mo ba?” naisipang itanong ng binata.

She just shrugged and said, “Hindi. Hindi na.”

For some reason, that made Vito feel better. “Just as well. Huwag kang mag-settle sa lalaking walang pambili ng car vacuum.”

Natawa sila pareho.

# 3

Mula nang ihatid si Billie ni Vito sa school ay naging palabati na ito sa kanya. Walang umagang hindi ito dumadaan sa puwesto nila ni Alma para mag-'good morning' at makipag-usap saglit. Mainly, tungkol iyon sa mga pinagagawa kay Alma, pero naiisingit nito ang pangungumusta sa kanilang dalawa. He was always polite and jovial, although formal ito. Pagkatapos nitong makuha ang ipinunta ay umaakyat na ulit ito sa gallery kung saan naroon ang sarili nitong opisina.

Minsan pa lang nakaakyat si Billie roon, when she had to take some blueprints to Vito's desk. Wala roon ang binata at naganyak siyang tumingin sa mga knick knacks nito sa desk. There were a couple of pictures, na hula niya ay pamilya nito. Katabi nito ang dalawa pang lalaking kahawig nito, at mga bata pa ang tatlo sa kuha, tipong seventeen years old lang si Vito—he was a lanky youth, with slightly wavy hair. The tallest wore eyeglasses. Ang isa pang lalaki ay kasing-tangkad ni Vito, athletic ang physique at seryoso ang expression sa mukha. The photo looked to have been taken out of the country, dahil pawang naka-sweater ang tatlo at may poplar trees sa background. It didn't look like Baguio to Billie.

Ang opisina mismo ay maayos at malinis. May ilang libro at magazines tungkol sa architecture on shelves mounted on the wall, at mga plake at tropeo na nagkalat sa ego wall nito. The office was spacious enough, designed to save on space. Hanggang sa ceiling ay may mga shelves na puwedeng patungan ng kung anu-anong kagamitan. Ang drawing board nito ay nakaharap sa bintana, pagtalikod sa desk nito kung saan naroon ang isang flat screen desktop. There were two phones, a printer, a fax machine and a scanner. Exactly opposite the desk, directly facing the window was a dartboard. Sa ibaba noon ay may isang maliit na TV at speakers at dock ng *iPod*. Kakaiba ang speakers na iyon, matangkad at slender ang shape, mukhang minimalist vases. Siguro soundproof ang opisina ni Vito dahil ni minsan ay wala siyang narinig na tugtog mula sa opisina nito. Sabagay, may kalayuan din ang puwesto niya mula sa alcove. Natatanaw lang niya ang mga arkitektong kumikilos sa open space.

"Bumabait si Boss Vito," komento ni Alma pagkahatid niya ng mga blueprints sa taas.

Billie frowned inquiringly. "Tingin ko mabait na siya dati pa."

"Oo, pero on the formal side. Bihira lang siyang

makipag-usap nang bukod sa business with his subordinates. Makikipagbiruan, pero saglit. Tingnan mo ngayon, Mr. Congeniality ang lolo mo at lumilibot pa dito sa baba para mag-hi bago umakyat sa tower niya. At today, nagpa-cater kasi na-approve ng board ang proposal niyang expansion. Libre ang lunch natin!"

"Hindi ba siya nagpapakain dati?" bugso ng kuryosidad ay tanong niya.

"Oo, pero hindi madalas, at sa mga partners, engineers at architects lang. Kami pizza lagi. Purga na kami sa pizza," humahagikhik na kuwento ni Alma, while looking around to make sure no one else heard. "Mukhang mabait siya sa 'yo," pag-iiba nito ng usapan.

She looked away. "Siyempre, mabait din ako, eh," sakay niya. Naupo na siya sa swivel at nagkunwaring may hinahanap na file sa pedestal.

"Hmm. Binata 'yang si Boss Vito. Or at least, wala kaming naririnig na girlfriend niya o nililigawan. Nakapagtataka nga, eh. Kung hindi ko kilala, iisipin kong bading. At ang bata pa, pero may naipundar nang sariling kompanya. Kalahati nitong *Scenes and Sensibilities* kanya. 'Tapos galing pa sa mayamang pamilya. Kilala mo si Felixberto Caballero? 'Yung

dating DFA Secretary? Daddy niya 'yun," patuloy nito na lumipat pa sa harap ng desk ni Billie.

"Good for him!" Ngumiti si Billie, but in her mind, nasorpresa siya. Kung umasta kasi si Vito, oo nga't pormal, noong sila lang dalawa sa loob ng sasakyan nito, mistula itong batang pilyo na gustong magpabibo. Walang ere bagaman maayos itong magdala ng damit at laging malinis tingnan.

Wala sa aura nito ang pagiging anak ng isang sikat na politiko o miyembro ng gabinete.

"Crush mo siya?" pangungulit pa ni Alma.

Tinawanan na lang niya ang tanong nito. Kapag kasi sinabi niyang hindi, halatang ipokrita siya. Walang babaeng hindi magkakainteres sa isang tulad ni Vito. Pero kung tatango siya, kakantyawan siya nito habang buhay at baka ipamudmod pa nito ang impormasyon sa buong opisina, hanggang makarating sa kinauukulan. Kung i-justify naman niya ang paghanga rito bilang boss, sasabihan pa siyang plastic at defensive. Parang wala siyang kawala rito.

*Teka, crush nga ba niya si Vito? Mukhang nahahawa na siya kay Alma!*

---

Vito was about to switch off all the lights in his office nang may mapansin siya sa gilid ng *HP* scanner. Isa iyong yellow plastic bag na may nakapaloob ng parcel wrapped in brown paper. Sa ibabaw ng plastic ay may naka-tape na papel na alam niyang stationery ng *SAS*. Sulat kamay ni Alma ang nasa papel.

*Boss, pinabibigay ni Billie. Nauna nang umalis, eh, ibinilin na lang sa akin. Have a good weekend.*

Vito immediately unwrapped the package, his bag slung over his shoulder. It was some home-made napoleones. Napangiti siya. Nabanggit pala niya noong isang linggo na paborito niyang merienda ang napoleones mula sa Bacolod. He was touched and amused na naalala nito.

Pagkasakay sa kotse ay naalala niyang dahil Sabado ay kailangan niyang dumaan ng grocery. Siya ang nakatokang magluto ng dinner sa bahay para sa tiyuhin at caretaker. He thought it kind of sucked na weekend, isa siyang attractive at binatang arkitekto pero wala siyang date.

Kung tutuusin, hindi siya mahihirapang makakuha ng companion anumang oras na gustuhin niya. And being a healthy, normal male, he'd had his share of fun. Ang kaso, natuklasan niya na habang tumatanda siya, nakakasawa rin pala. Ang mga babaeng nakikilala

niya sa mga de-klaseng bars, sa mga parties, o sa business transactions, parang pare-pareho ang mga iyon. Surface lang ang may kinang, and after a while, he would get bored at maghahanap na naman ng iba. Naniniwala siyang simple lang siyang lalaki at hindi masyadong mataas ang standards niya pagdating sa babaeng makakasama sa buhay.

The thing was, he ended up comparing every girl he went out with to Sabine. At hindi niya iyon sinasadya.

Sabine Illusorio was someone from his childhood, a girl he grew up with, anak ng isang family friend. Hanggang ngayon, wala pa siyang nakikilalang puwedeng pumantay o humigit dito. He had met great women, of course, mayaman, maganda, smart, successful. But none of them really caught Vito's heart for long. Laging merong kulang. And Sabine, his childhood sweetheart, was touring the world as part of her job as an art historian. Sa Sorbonne, in Paris, France pa nito tinapos ang kolehiyo. She was one year older than Vito and she was still single. His mother kept theorizing that the reason why both of them were still single despite having had numerous relationships was that they were meant for each other. Botong-boto ito sa notion na sila ni Sabine ang magkakatuluyan in the end.

Hanggang ngayon ay nagko-communicate pa rin sila sa pamamagitan ng emails at paminsan-minsang phone calls. Alam niyang masyadong unpredictable ang schedule ni Sabine at siya man ay naging abala masyado simula nang maitatag niya ang *Scenes and Sensibilities*.

*SAS* was the product of his blood and sweat. Sa simula pa lang, alam na niyang hindi siya hihingi ng suporta pinansyal man o ano mula sa mga magulang. Vito felt that he had to prove himself to them. Kailangan niyang ipakita sa mga ito na hindi man nila gusto ang larangang kanyang pinasok, kaya niyang tumayo sa sariling mga paa at magkapangalan din tulad ng mga ito.

Kaya sa tulong ng naipon while working for a multi-national company in Dubai dagdag ang loans from the bank with his car and condo as collateral, he established *SAS*, funding half of the starting capital, and the other half were put up by Engr. Danny Villareal and Aries Garcia, na pawang brods niya sa sinalihang fraternity noong nasa *Mapua* pa siya. Siya ang may controlling interest sa kompanya, kaya siya na rin ang managing partner. In the space of two years, masasabing matatag na ang *SAS*. Dahil na rin sa mga kaibigan niya sa print industry, sumikat ang *SAS* sa elite circles.

Masaya na siya sa resulta ng mga pagpapapagod. Along the way and numerous girlfriends later, nakalimutan na niya ang personal life. Ang tukso nga lagi ng kanyang Uncle Butch ay tutulad daw si Vito rito na isang matandang binata. He shuddered at the thought.

"Sir!"

Napukaw sa sariling muni-muni si Vito nang marinig na may tumawag sa kanya. Walang iba iyon kundi si Billie, may kasamang ginang na tantiya niya ay mid to late forties ang edad. Maputi ang ginang, pleasantly plump with a kind face.

"Billie, hi. Ano'ng ginagawa mo dito?" tanong niya.

He'd been looking at the boxes of raisins sa *Uni Mart*. May tulak na shopping cart si Billie at mukhang marami nang laman iyon.

"Sinasamahan ko si Mama mag-grocery. Ma, si Sir Vito po, siya po 'yung Chief Architect ng *SAS*. Sir, mother ko po, si Mama Olive," pakilala nito.

Mama Olive held out her hand for a hand shake. "Kamusta ka, Hijo?" anito with a gentle smile.

Nginitian niya ang babae. He noticed Billie didn't

get her mom's complexion. Billie was a little browner, with a warmer skin tone. "Mabuti ho, kamusta po kayo?" sagot niya. "Dito pala kayo namimili?"

"Sa *Puregold* kami madalas. Doon namimili ng paninda si Mama. Sinundo niya kasi ako ngayon, kaya dito na kami namili. Kayo din, Sir?" usyoso pa ng dalaga.

Samu't sari ang kuwento ni Billie. Nangiti si Vito inside. "Ah, oo. Ako ang magluluto sa amin ngayon. Puro de lata na lang ang nasa bahay," sagot niya.

"Gan'un ba? Eh, di doon ka na sa amin maghapunan. Marami kaming ulam," anyaya ng mama ni Billie. Siniko ito ng huli.

"Ma," anas ng dalaga.

"Naku, I would like to, kaya lang, inaasahan ako ng uncle ko. It's my night to cook." He smiled ruefully at the older woman.

"Naku okay lang po, Sir, nagju-joke lang po si Mama," agaw ni Billie.

"Ano'ng joke? Hijo, you are welcome sa amin kapag gusto mong pumasyal o makikain, ha," sabi ni Mama Olive.

"Thank you," Vito replied, smiling.

Nakatuwad si Billie sa ilalim ng desk nang datnan ito ni Vito isang hapon. Galing siya sa field. Kinatok niya ng knuckles ang desk nito. Sumungaw ang ulo ng dalaga mula sa desk at waring napahiya ito nang mapagsino ang kumatok.

"Sir, good afternoon po," anito at tumayo, pasimpleng inayos ang blouse at buhok. She was wearing a deep plum V-neck sweater over dark skinny jeans. Her hair was in its usual pony tail.

"Hi, why are you always on the floor tuwing nakikita kita?" pabirong tanong niya.

"Nasipa ko po kasi ang cord ng monitor ko, namatay 'yung screen. Ang hirap palang isuksok ng cord sa outlet," sagot nito habang pinapagpag ang bandang tuhod.

"Really? Let me see," ani Vito at umikot ito sa mesa ni Billie.

"Naku, 'wag na, Sir! Ako na lang, kaya ko na 'yan," natatarantang pigil ni Billie. He was in her space. Napakaliit lang ng lugar and he was almost on top of her.

"No, let me…" Yumukod si Vito kagaya ni Billie

kanina at kinapa-kapa ang socket. Mayamaya lang ay nabuhay na ulit ang screen.

Nagpasalamat ang dalaga, sabay abot ng alcohol sa amo.

“Thanks,” sabi ni Vito. He rubbed some alcohol onto his hands. “I was just going to say thank you d’un sa napoleones na binigay mo. I totally forgot about it noong isang araw.”

“Ay, wala po ’yun. Konting bagay sa paghahatid n’yo sa ’kin sa school noong isang linggo.” She could smell him. She so had a thing for this man’s scent.

“So, it’s already five pm. Wala ka bang klase?” tanong ni Vito.

“Wala po ngayon. MCLE kasi at lecturer ang prof ko ngayong araw.” She went on to explain what MCLE was and he nodded.

“And, pauwi ka na niyan?”

Tumango siya. “Yup, pretty much.”

“I see,” he said.

He seemed to want to say something else. Hindi pa ito umalis sa harapan niya. They were standing together with only half a feet between them dahil sa

kitid ng space sa kabila ng desk niya. "So, ingat ka."

"Yes, thank you, Sir."

Tumango ito, kinuskos pang muli ang mga palad, then turned to walk away. Nang nasa hagdan na ito ay bigla siyang tinawag. She looked at him inquiringly.

"So pagkauwi mo ng bahay, ano ang ginagawa mo?" tanong nito.

Billie frowned. "Sabado ngayon kaya maraming tao sa bahay. Maglalaro siguro ng *Plants vs. Zombies*. Magmemerienda. Gumawa ng biko ang auntie ko. Magbabantay ng tindahan habang nagbabasa. Kahit ano," she shrugged. Why was the man interested?

"Hmm… ang dami mo palang ginagawa sa inyo."

Was he being sarcastic?

"Puwede ba akong sumama?"

Napamulagat siya sa binata, pati na rin si Rose mula sa Accounting na nagsusumite lang ng mga vouchers na pipirmahan sana ni Aries sa taas. Si Alma ay nakikinig kung ano ang isasagot ni Billie.

"Sabi ng mama mo, welcome ako anytime." Nag-name drop pa si Vito nang hindi siya agad makasagot.

"Sigurado ka, Sir?"

Wala ba itong gagawing iba? *Ang guwapong 'yan, binata, bakante on a Saturday? Paano nangyari iyon?*

"Oo. Wala kasing pagkain ngayon sa bahay."

"Okay. Biko lang naman ang meron sa amin ngayon, eh," aniya.

"Biko is infinitely better than *Cheerios*. Especially dahil walang milk. Right, I have to get some milk bago umuwi," Vito seemed to be talking to himself habang paakyat na ng hagdan. "Will you be ready in twenty minutes?" biglang lingon nito bago marating ang dulo ng stairs.

"Uh, sure, sige po," sagot niya.

Alma was looking at her curiously. "Psst! Ano 'yun, ha? Ba't sasama sa 'yo?"

"Malay ko. Gusto daw makikain, eh," aniya.

But she felt excited. It felt like she was bringing him home, at dadalaw ito sa kanila. Parang manliligaw lang. Ah. Nag-iilusyon na talaga siya. Inatupag niya ang pag-finalize sa mga ginagawa.

"Bakit sa amin, di sumasama para kumain?" dudang tanong ni Alma.

"Baka nag-aalala siya kung ano ang iisipin ng

asawa mo, Alma," nagbubungisngisang sakay ng iba sa biro ni Alma.

Hindi na pinansin ni Billie ang mga ito. She was strangely excited, at aminin man niya o hindi, nakakakilig ang mga aktuwasyon ni Vito.

---

Panay ang kuwento ni Vito habang nasa daan. Kumpara sa office persona nito na hindi masyadong madaldal, in private, Vito behaved like a high school boy na humihirit na lang basta-basta. At kahit korni ay natatawa na rin si Billie pag nagju-joke ito. Not because of the joke, but rather sa attempt ng binata na magpatawa.

Namroblema ito kung ano ang puwedeng dalhin sa bahay nila. Marami silang nadaanang bakeshops pero parang wala itong magustuhan.

"Kumakain ba sila ng Japanese food?" tanong nito sa kanya nang mapadaan sa isang complex na may Asian restaurants.

"Sir—"

"Vito. Call me 'Vito'," he cut in.

"Okay, Vito, kaya ka po sasama sa amin kasi wala kayong pagkain sa bahay n'yo, di ba? So huwag

mo nang problemahin ang pagkain. Marami nang kinakain ang mga tao sa bahay," aniya.

"We must bring them something. Wine, or flowers?" Nagliligalig pa rin ito.

"Ang OA mo. Si Uncle Kit lang ang umiinom ng wine sa amin, at kapag may okasyon lang may nagbibigay n'un. Mga cheap pa, 'yung nabibili lang sa *Mini-Stop*." Tumawa siya.

"Then we have to get them wine!"

"Ipi-pair mo sa biko? Okay ka lang? Huwag na nga, Sir, okay lang talaga."

Hindi ito nagpapilit. Nang mapadaan sila sa produce kiosk, bumili ito ng sangkaterbang prutas—melon, pinya, saging na latundan at mansanas. Hindi na binanggit ni Billie na may farm silang pinagkukunan ng mga gulay at prutas. Baka kasi makarating sila sa kabilang ibayo kakahanap ng puwedeng ipasalubong.

Sinalubong sila ng kahol ni Portia nang buksan ni Uncle Kit ang gate. Pinakilala niya ang mga ito. Nagbabasa ng diyaryo ang matandang lalaki sa terrace ng malaking bahay nang dumating sila ni Vito. Ang mama naman niya ay may kausap na delivery boy ng *Nissin* products sa tindahan. Nagdidilig ng

mga halamang orkidyas si Mama Au.

"Aba, ang dami mo namang dalang prutas. Sino ang may sakit?" biro ni Uncle Kit kay Vito. Inabot nito ang dala-dalahan ng binata.

"Gusto niya kasing magpasalubong. Sabi ko po, marami na tayong pagkain dito sa bahay," aniya habang iginigiya papasok ng bahay ang lalaki. Panalangin niya ay hindi masyadong magulo. Tinext na niya kasi si Cielo na darating siya kasama ang boss. Nico was seated in front of the computer sa sala, abala sa *Xbox*. Cielo was in the dining room doing her homework.

Lahat ng mga tao ay ipinakilala niya sa lalaki. He seemed too tall, too huge, too fine for their house pero ni hindi ito kakikitaan ng ere o pagkailang. Magaang kinausap nito ang lahat, kahit si Nico. He sat on their couch na dark green leaves ang print sa upholstery. Billie couldn't help wincing at the tackiness of their décor.

Siguro ay sanay ang lalaki sa steel and chrome or earth colors. Minimalist kasi ang taste nito, na halata sa disenyo ng opisina nila at sa mga disenyong ipinapasa nito sa kliyente for approval. Modernist kumbaga. Their house had been decorated by their accumulated possessions. All the junk they had

gathered through the years were scattered all over the place na walang sinusunod na particular na artistic logic.

"Pasensya ka na, ha? Hindi ko sinusunod ang design philosophy ng *SAS* dito sa bahay," biro niya upang pagtakpan ang pagkaasiwa.

"No, I like it. It's homey. At home, wala kang kalat na makikita. Sometimes it feels like I live in a museum," nakangiting sabi nito habang iniisa-isang tingnan ang mga photo albums nila.

"Kumakain ka ba ng biko, Hijo?" alok ni Mama Au na pumasok mula sa opisina.

"Opo, sige po, if it's not too much trouble," sagot ng binata.

"Mabuti, at kagagawa ko lang kaninang hapon. Billie, pakanin mo na ang boss mo sa kitchen. Magulo diyan sa sala. Nico, may bisita ang ate mo, puwede bang tumayo ka riyan?" sermon nito sa bunso nila. Tumayo ang binatilyo at lumabas ng bahay.

"Oh, no, you don't have to upset your routine dahil nandito lang ako," sawata ni Vito.

"Kanina pa 'yan nakaupo sa harap ng computer. Kailangang itaboy ko iyon para naman dumaloy ang

dugo sa mga kalamnan ng batang iyon," balewalang sabi ni Mama Au. Nang maiwan na sila ay bumulong si Vito sa kanya.

"Where's your boy's room? I need to go," anito. Para itong bata na nagme-may I go out sa teacher.

"'Andito, sa may tindahan ka magbanyo." Marami kasing nakasabit sa main bathroom. Kahit gaano pa kabait ang boss, Billie didn't think it was right for him to see her underwear hanging about. Inihatid niya ang binata at itinuro ang mga paraphernalia na kakailanganin nito tulad ng toilet paper, sabon, liquid hand sanitizer, etc. Dumerecho na siya sa kusina para ipaghanda ito ng meryenda. Dumaan si Cielo.

"Ate, pogi. Pati car, ampogi," anito at lumusot na palabas ng kusina. Sa bungalow ng Mama Au ito pupunta. Doon ito mahilig maglagi kapag kailangang mag-review. Wala kasing tao roon kapag araw.

Napangiti lang si Billie. She found she liked Vito around her family. She liked him in her house.

Vito was smiling a little when he came in from the living room.

"What?" agad na usisa ni Billie.

Vito shook his head and cast a look her way.

"'Yung mama mo, I heard her say something to your sister. And I think for some reason, she was referring to me."

Natigil sa ere ang spatula na ginagamit niyang panghiwa sa biko. "Ano?"

"I really didn't understand it, but it was something about me being 'mas bata kesa kay Alfon'? Sino ba si Alfon?" Naupo sa isang silya si Vito without any invitation from her.

He seemed at ease around her house na parang hindi iyon ang first time nitong tumambay rito. Iyong upo nito ay yaong upo kapag nagpi-preside sa meeting ng mga partners: tuwid, nakatukod ang mga siko sa mesa, his long fingers fastened together. Parang nakikinig ito sa proposal ng isang kliyente.

"Alfon's my ex-boyfriend," aniya. Isinalin niya sa puting plato ang biko. She went around the counter upang isilbi iyon sa harap nito.

He looked up at her, interested. "The nitpicker? Ang lalaking walang pambili ng car vacuum?"

Natawa siya. "Siya na nga."

"That so? Where is he now?"

Billie shrugged. "Wala akong balita sa kanya."

Tinungo niya ang vegetable crock at kumuha ng limang calamansi. Sinimulan niyang hiwain iyon sa counter.

Vito started to eat the biko, pero waring nag-iisip ito habang ngumunguya. “Your mother thinks I’m your boyfriend.”

“Manliligaw,” pagtatama ni Billie sa amo.

Umismid si Vito. “These days, what’s the difference?”

“Naiilang ka ba? Kaya kong ipaliwanag sa Mama na hindi ka nanliligaw sa akin,” anya na may halong tampo. Parang conscious na conscious itong mapagkamalang may kaugnayan sa kanya!

“Of course not. It’s actually nice,” sagot nito.

Napatingin siya sa binata. Kampante itong kumukutsara ng biko. Mukhang sarap na sarap ito roon.

“Nice? Paano naging nice ang maling akala?” usisa niya.

“It means your mom likes me,” confident na sabi nito. Kumindat ito sa kanya.

Tumaas ang isang kilay niya. “Are you flirting

with me?"

Sumulyap ito sa kanya. "Would you like it if I were?"

"Of course not! You're my boss!" maagap niyang sagot.

"So, were I not your boss, you'd be flirting back, is that it?"

"Ay bahala ka." Inilapag niya ang baso ng lemonadang ginawa para sa amo. Napatingin ito roon.

"What's that, did you make me a lemonade?" anitong parang di makapaniwala.

"Oo, bakit? Ayaw mo ba? Healthy 'yan. Freshly squeezed at mayaman sa vitamin C." Ang totoo ay wala na silang juice. At tinatamad siyang kumuha sa tindahan.

"No, I love it. Talagang pinagpiga mo ako ng calamansi? Thank you."

Nasiyahan siya sa narinig mula dito. He looked really touched by a simple lemonade! What a weird guy, naisip na lamang niya.